

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Idineklara ng Lungsod ng Brampton ang State of Emergency bilang tugon sa COVID-19**

BRAMPTON, ON (Marso 24, 2020) – Sa araw na ito, kasunod ng pagkonsulta sa Konseho ng Lungsod at sa rekomendasyon ng Emergency Management Team ng Lungsod, idineklara ni Mayor Patrick Brown ang State of Emergency sa Lungsod ng Brampton ayon sa [Emergency Management Plan](#) ng Lungsod.

Ito ay isang mahalagang hakbang sa pagsuporta sa mga pagsisikap ng Probinsya ng Ontario at ng Rehiyon ng Peel na kontrolin ang pagkalat ng COVID-19.

Ang deklarasyong ito ay makakatulong sa patuloy na mga pagsisikap sa agarang pagtugon ng Lungsod sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng higit na flexibility at bilis habang ginagawa natin ang aksyon para makatulong sa pagpigil sa mga epekto ng COVID-19.

Magpapatuloy ang Lungsod ng Brampton para suportahan ang publiko sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo sa araw-araw na buhay, kabilang ang Brampton Transit, Fire and Emergency Services, at By-law at Enforcement na nagtitiyak sa access sa serbisyo sa emergency sa buong Lungsod.

Committed ang Lungsod sa pananatiling may-alam ng mga residente ng Brampton at magpapatuloy sa pagbibigay ng mga update sa tugon ng Lungsod sa COVID-19 kapag magiging available ang mga ito. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19) o sundan ang @CityBrampton sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#).

### **Mga Quote**

“Ang deklarasyon sa araw na ito ay sumusuporta sa patuloy na mga pagsisikap sa tugon sa emergency ng Lungsod sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng higit na flexibility at bilis habang gumagawa tayo ng aksyon para mapababaan ang mga epekto ng COVID-19. Ginagawa natin ang kailangang mga hakbang para protektahan ang ating komunidad at hindi palalamasin ng Lungsod ang hakbang sa paggawa nito. May responsibilidad tayong lahat dito, kaya sa panahong ito mangyaring manatili sa bahay. Malalampasan natin ito nang sama-sama bilang Lungsod.”

*Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Pinasimulan ng administrasyon ng Lungsod ang ating Emergency Response Plan sa Lebel 2 noong Marso 13, na in-upgrade sa Lebel 1 Malaking Emergency noong Marso 17, bilang tugon sa COVID-19. Ang deklarasyon sa araw na ito ay nagbibigay ng karagdagang bilis para epektibo at agarang makatugon ang staff ng Lungsod sa sitwasyong ito, at naglalarawan kung gaano kaseryoso hinaharap ng Lungsod ang bagay na ito at ang kaligtasan ng ating staff at publiko na pinaglilingkuran natin.”

*David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

### **Mga Link**

- [City of Brampton COVID-19](#)
- [Peel Public Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)

- [Province of Ontario: Ministry of Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)